



## Mga Scam ng Impostor sa IRS

Makakatanggap ka ng tawag mula sa isang taong magsasabing mula siya sa IRS. Sasabihin niyang may mga utang kang buwis. Tatakutin ka niyang idedemanda ka, aarestuhin o ipapa-deport, o tatanggalan ng lisensya kung hindi ka agad magbabayad. Sasabihin niya sa iyong ilagay ang pera sa isang prepaid na debit card at ibigay sa kanya ang mga numero ng card.

Maaaring alam ng tumatawag ang ilan sa numero ng iyong Social Security. Ang maaaring makita sa iyong caller ID ang area code na Washington, DC. Ngunit talaga bang IRS ang tumatawag na ito?

Hindi. Hindi hihilingin sa iyo ng tunay na IRS na magbayad sa pamamagitan ng mga prepaid card o wire transfer. Hindi rin nila hihingin ang credit card sa telepono. At kapag nakipag-ugnay sa iyo sa unang pagkakataon ang IRS ng tungkol sa mga hindi nabayaranang buwis, gagawin nila ito sa pamamagitan ng koreo, hindi sa pamamagitan ng telepono. At maaaring mapeke ang mga caller ID.

Narito ang maaari mong gawin:

1. **Tumigil. Huwag magpadala ng pera o magbayad sa pamamagitan ng prepaid debit card.** Sa oras na maipadala mo ito, mawawala na ang pera. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa buwis, pumunta sa [irs.gov](http://irs.gov) o tumawag sa IRS sa 800-829-1040.
2. **Ipasa ang impormasyong ito sa isang kaibigan.** Maaaring hindi ka nakatanggap ng alinman sa mga tawag na ito, ngunit maaaring nakatanggap ang isang taong kilala mo.

Gusto pang madagdagan ang kaalaman?

Mag-sign up para sa mga Alert para sa Mamimili ng FTC (FTC Consumer Alerts) sa [FTA.gov/subscribe](http://FTA.gov/subscribe).

## Mga Mapagkukunan ng Impormasyon sa mga Scam ng Impostor sa IRS

I-download at i-print



# FEDERAL TRADE COMMISSION

## PROTECTING AMERICA'S CONSUMERS

[Artikulo sa mga Scam ng Impostor sa IRS](#)

[Bookmark sa mga Scam ng Impostor sa IRS](#)

[PowerPoint sa mga Scam ng Impostor sa IRS](#)

[TIGNAN ANG MGA KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON](#)

Kampanya: [Ipasa ang Impormasyon](#)